

HEP HEP THE MEDIATOR
NATIONAL PRIVACY COMMISSION
COMICS BY THE LEGAL DIVISION, NATIONAL PRIVACY COMMISSION
NATIONAL PRIVACY COMMISSION...
DURING A COMPLAINTS AND INVESTIGATION DIVISION (CID) PRELIMINARY CONFERENCE...
MATAGAL NINYO NA AKONG PA-ULIT ULIT TINETEXT AT TINATAWAGAN TUNGKOL SA UTANG KO!
HINA-HARASS AT PATI MGA KAMAG-ANAK KO AY TINATAWAGAN NINYO!
CID HEARING OFFICER
HINDI HO KAMI ANG TUMATAWAG SA INYO, MA'AM. AT KUNG SAKALI NA KAYO'Y TAWAGAN NAMIN AY TUNGKOL LAMANG PO SA UTANG NINYO NA KAILANGAN NINYO NANG BAYARAN.
BAGO PO NATIN I-PAGPATULOY ANG IMBESTIGASYON, MAAARI HO BA NAMING MALAMAN KUNG ANG PAREHAS NA PARTIDO AY PUMAPAYAG NA KUSANG TIGNAN ANG POSIBILIDAD NA MAAREGLO ANG INYONG KASO SA ILALIM NG MEDIATION PROCEEDINGS NG COMMISSION?


OPO. MAAARI NAMAN PO. MATIGIL LANG PO ANG PANG-HAHARASS SA AKIN AT AKING PAMILYA.
PAYAG DIN HO KAMI BASTA KANYANG MABAYARAN ANG KANYANG UTANG.
KUNG GAYON, KAYO PO AY AMING I-EENDORSO SA AMING LEGAL DIVISION PARA SA PROSESO NG MEDIATION.
THE FOLLOWING WEEK...
SA KANILANG PRELIMINARY MEDIATION CONFERENCE...
HEP! HEP! HEP!
MAGANDANG ARAW PO! AKO PO AY SI HEP-HEP, ANG INYONG MEDIATOR NGAYONG ARAW. SA PAMAMAGITAN PO NG PROSESO NG MEDIATION, MALAYA NINYONG MASASABI ANG INYONG MGA HINAING AT HAHANAP TAYO NG PARAAN UPANG MAAYOS AT MA-SOLUSYUNAN ANG INYONG PROBLEMA!
ANG GUSTO KO LANG NAMAN AY MATIGIL NA ANG PANG-GUGULO AT PANININGIL SA'KIN NG MGA 'YAN.
NAIS NAMAN PO NAMIN AY MABAYARAN LAMANG PO ANG NATITIRANG BALANSE MULA SA LOAN NIYA.


MABUTI PO 'YAN! PERO BAGO PO ANG LAHAT HAYAAN PO NINYO AKONG IPALIWANAG ANG KONSEPTO NG MEDIATION.
ANG **MEDIATION** AY ISANG URI NG ***ALTERNATIVE DISPUTE RESOLUTION (ADR)*** NA KUNG SAAN ANG ISANG **MEDIATION OFFICER** KAGAYA KO AY MAGSISILBING GABAY SA MGA PARTIDO SA KANILANG NEGOSASYON AT KOMUNIKASYON. ANG LAYUNIN NITO AY MATULUNGAN SILA NA MAGKASUNDO AT LUTASIN ANG ALITAN SA PAMAMAGITAN NG MAPAYAPANG PARAAN. ANG MGA PINAGKASUNDUANG KARAPATAN AT OBLIGASYON AY NAKASAAD SA ISANG DOKUMENTO NA TINATAWAG NATING ***MEDIATED SETTLEMENT AGREEMENT (MSA).***
*SHAKE*
*SHAKE*
NATIONAL PRIVACY COMMISSION
MEDIATED SETTLEMENT AGREEMENT
IPAGPAPATULOY...